**REPUBLIKA NG PILIPINAS**
LALAWIGAN NG LAGUNA
**BAYAN NG LUMBAN**
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-23 NG MARSO, 2015 SA GANAP NA IKA-10:27 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO**:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ROLANDO G. UBATAY | ---------------- | Tagapangulo ng Sesyon |
| KGG. BELEN B. RAGA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ROMELIO E. LADUB | ---------------- | Kagawad |
| KGG. SHERYLL G. TABLICO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ANTHONY L. MANANSALA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ROBEL M. DEL VALLE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. PEDRO S. ABE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. EMMANUEL C. MACALAGAY | ---------------- | Kagawad |

**DI- NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| KGG. PERCIVAL L. JAVIER | ---------------- | Pangulo-LNB ( Nasa Opisyal na Gawain) |

## KAPASIYAHANG BLG. 15 T. 2015

**KAHILINGAN KAY KGG. GRACE POE LLAMANZARES, SENADOR NG REPUBLIKA NG PILIPINAS SA PAMAMAGITAN NI KGG. PROCESO V. ALCALA, KALIHIM NG KAGAWARAN NG PAGSASAKA, NA MAPAGKALOOBAN NG TULONG PINANSIYAL NA ANIM NA MILYONG ( P 6,000,000.00) PISO ANG BAYAN NG LUMBAN UPANG MALAGYAN NG ELEVATED CANAL ANG BOUNDARY NG BARANGAY MAYTALANG I AT BARANGAY CONCEPCION.**

**Akda Ni: Kgg. Geronimo P. Samonte Jr.**

**SAPAGKAT**, tuwing nagkakaroon ng kalamidad at walang tigil na pagbuhos ng ulan ay tumataas ang tubig at hindi makakalabas ng Barangay ang mga naninirahan dito;

**SAPAGKAT**, kung may mga emergency cases ay hindi nadadala sa pagamutan ang mga may karamdaman kaya namamatay na lamang sa kanilang mga tahanan;

**SAPAGKAT,** kung magkakaroon ng elevated canal ay patuloy nang makakapunta sa kanilang mga trabaho at eskuwelahan ang mga naninirahan dito

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Geronimo P. Samonte Jr. na pinangalawahan ni Kgg. Emmanuel C. Macalagay at sinang-ayunan ng lahat ng dumalo,ay;

**IPINASIYA**, tulad ng dito' y ginawang **PAGPAPASIYA**, na mapitagang hilingin kay Kgg. Grace Poe Llamanzares, Senador ng Republika ng Pilipinas sa pamamagitan ni Kgg. Proceso V. Alcala, Kalihim ng Kagawaran ng Pagsasaka, na mapagkalooban ng tulong pinansiyal na anim na milyong **( P 6,000,000.00)** piso ang Bayan ng Lumban upang malagyan ng elevated canal ang boundary ng Barangay Maytalang I at Barangay Concepcion.

**IPINASIYA PA RIN**, ang pagpapadala ng sipi ng kapasiyahang ito sa tanggapan ng Kgg. Grace Poe Llamanzares, Senador ng Republika ng Pilipinas at sa tanggapan ni Kgg. Proceso V. Alcala, Kalihim ng Kagawaran ng Pagsasaka, para sa kanilang kabatiran at pagsasaalang-alang.

**BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO** ang kawastuan at katumpakan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Nagpatotoo :

**ROLANDO G. UBATAY**
Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan

Pinagtibay :

**REYNATO R. AÑONUEVO, MD.**
Punumbayan